

ANG PANALANGIN (BAHAGI 2 NG 2)

Marka:

Deskripsyon: Anim sa pinakamahalagang usapin na dapat mong iwasan kapag nananalangin kay Allah. Sampung mga espesyal na oras upang magsagawa ng du'a.

Kategorya: [Mga Aral](#) › [Mga Gawaing Pagsamba](#) › [Mga Panalangin](#)

Ni: Imam Kamil Mufti (© 2012 IslamReligion.com)

Nai-publish sa: 27 Mar 2018

Huling binago sa: 11 Apr 2018

Layunin:

- Alamin ang mga bagay na dapat iwasan ng isang tao kapag nananalangin kay Allah.
- Tukuyin ang mga oras kung kailan mas mainam magsagawa ng *du'a*.

Mga Terminolohiyang Arabik:

- Adhan* - Isang paraan ng Islam sa pagtawag sa mga Muslim sa limang obligadong pagdarasal.
- Hajj*– Ang pilgrimo papunta sa Mecca kung saan ang mga pilgrimo ay nagsasagawa ng takdang mga ritwal. Ang *Hajj* ay isa sa limang haligi ng Islam, kung saan ang bawat nasa tamang edad na Muslim ay kailangang magsagawa ng hindi bababa sa isang beses sa kanilang buhay kung nasa kakayahan nila ito sa salapi at pisikal.
- Iqama* -Ang pangalawang pagtawag sa pagdarasal. Ito ay katulad ng *Adhan* at sinasabi bago magsimula ang pagdarasal.
- Dhul-Hijjah* - Ang ikalabindalawang buwan ng kalendaryong Islam. Ito ay ang buwan kung saan ang obligadong paglalakbay sa banal na lugar ay isinasagawa.
- Ramadan* - Ang ikasiyam na buwan ng Islamikong kalendaryong lunar. Ito ay ang buwan kung saan ang obligadong pag-aayuno ay inutos.

Mga Bagay na Dapat Iwasan Habang Nagsasagawa ng *Du'a*

1.Huwag lumampas sa mga limitasyon

Ang ibig sabihin nito ay paghiling kay Allah ng mga bagay na ipinagbabawal Niya. Halimbawa, samantalang mainam na manalangin kay Allah na magpakasal sa isang tao, ipinagbabawal na hilingin kay Allah na bigyan ka ng isang kasintahan, o ang

manalo sa isang loterya.

2.Hindi umaasa ng sagot

Ang isang Muslim ay dapat umasa na si Allah ay sasagot sa kanyang *du'a* sapagkat si Allah ay Maawain sa Kanyang mga alipin at Makapangyarihan na maibibigay sa kanila ang kanilang mga kahilingan.

3.Upang humingi lamang ng mga bagay sa mundong ito sa du'a

Isipin ito, ano ang mas malaki, ang mundong ito o ang kabilang-buhay? Para sa isang tunay na mananampalataya, maliwanag na ang inihanda ni Allah sa buhay na darating ay mas malaki. Samakatuwid, ang isang Muslim na nauunawaan ang puntong ito ay hihiling din kay Allah ng mga pagpapala ng Kabilang Buhay .

4. Ang tawagin si Allah sa mga maling mga Pangalan

Alalahanin ang simpleng panuntunan: huwag tawagin si Allah o gamitin ang anumang Pangalan ni Allah na hindi mula sa Quran o Sunnah. Ang tawagin si Allah sa mga salita tulad ng "Big Guy."

5.Huwag manalangin laban sa iyong sarili o sa iyong pamilya at huwag mong sumpain ang iba.

Isang punto na dapat tandaan, sapagkat ang isang tao ay maaaring manalangin laban sa isang miyembro ng pamilya o kahit na sa kanyang sarili sa isang akmang galit at pagsisimulang magmura.

6.Huwag manalangin para sa iyong kamatayan

Ang iyong buhay ay regalo ni Allah sa iyo, huwag hilingin kay Allah na kunin ito!

Ang mas Mainam na mga Oras na ang Dua ay maaaring Tanggapin

Ang *Du'a* ay maaaring gawin sa anumang oras, ngunit mas malamang na tanggapin sa mga sumusunod na mga oras:

1.Ang Du'a sa huling ikatlo ng gabi

Ipinabatid sa atin ni Allah sa Quran na naglalarawan sa mga mananampalataya,

“At sa mga oras ng gabi bago sumapit ang madaling araw, sila ay mapagkumbabang nagsusumamo ng kapatawaran.” (Quran 51:18)

Paano mo makakalkula ang huling ikatlo ng gabi? Ang gabi ay umaabot mula sa oras ng paglubog ng araw hanggang sa oras na magsimula ang Fajr. Halimbawa, sabihin ang paglubog ng araw ay 5 pm at ang Fajr para sa susunod na araw ay magsisimula sa 5 am. Ang gabi ay 12 na oras. Ang ikatlo ng isang gabi ay 4 na oras. Ang huling ikatlo ng gabi ay mula 1 am-5am.

2. Ang *du'a* kapag tinatawag na ang Adhan

Sinabi ng Propeta, "**Kapag tinawag ang *Adhan*, ang mga pinto ng kalangitan ay nakabukas, at ang *du'a* ay sinasagot.**" (Saheeh Muslim)

3. Ang *du'a* sa pagitan ng *Adhan* at *Iqama*

Ito ay isa sa mga pinakamainam na oras upang ang panalangin ay tanggapin na ibinigay sa isang mananampalataya upang humiling mula kay Allah ng kanyang mga pangangailangan sa mundong ito at sa Kabilang Buhay.

4. Ang *du'a* habang nagpapatirapa

Ito ang pinakamahusay na pustura para sa isang sumasamba dahil ito ang rurok ng kababaang-loob. Iniibig ni Allah ang pustura na ito. Ang Propeta, nawa'y purihin siya ni Allah, ay nagsabi: "**Ang pinakamalapit na ang isang tao ay malapit sa kanyang Panginoon ay kapag siya ay nagpapatirapa, kaya sabihin ang isang mahusay na paghiling ng *du'a* dito.**" (Saheeh Muslim)

5. Ang *du'a* bago ang pagtatapos ng pormal na pagdarasal

Bago tapusin ang pormal na pagdarasal, sa pagsasabi ng '*As-Salamu' Alaikum wa-Rahmatullah* 'ang isang tao ay maaaring magsagawa ng anumang *du'a* na gusto niya sa oras na ito dahil ito ay isa sa mga oras na ang mga panalangin ay tinutugon.

6. Ang *du'a* pagkatapos ng obligadong pormal na panalangin

Nang tanungin kung aling *du'a* ang malamang na tugunan, sinabi ng Propeta, "**Sa huling bahagi ng gabi at pagkatapos ng obligadong pagdarasal.**" (Tirmidhi)

7. Isang oras sa Biyernes

Sinabi ni Propeta Muhammad: "**Pag Biyernes ay may isang oras na, kung ang isang Muslim ay mangyayari na siya ay nagdarasal sa oras na iyon at hiniling kay Allah ang isang bagay na mabuti, ibibigay Niya ito sa kanya**" (Saheeh Al-Bukhari, Muslim Saheeh)

8. Ang *du'a* sa Ramadan, ang buwan ng pag-aayuno

Sinabi ni Propeta Muhammad: "**Kapag dumating ang Ramadan, ang mga pintuan ng awa ay nakabukas at ang mga pinto ng Impiyerno ay nakasara, at ang mga demonyo ay nakakandado.**" (*Saheeh Al-Bukhari, Saheeh Muslim*)

9. Unang sampung araw ng Islamikong buwan ng *Hajj* (*Dhul-Hijjah*)

Ang Islamikong buwan na kung saan ang taunang peregrinasyon, o *Hajj*, ay isinasagawa, ay isang mabiyayang buwan. Sinabi ng Propeta ang hinggil sa unang sampung araw ng buwan na ito, "**Walang mga araw na kung saan ang mga mabuting gawa ay mas mahal kay Allah kaysa sa mga sampung araw na ito.**" (*Saheeh Al-Bukhari*)

10. Sa tuwing umuulan

Sinabi ng Propeta, "**Dalawa ang mga du'a na hindi kailanman ibinabalik: ang du'a na isinagawa kapag ang Adhan ay tinawag at sa oras ng pag-ulan..**" (*Abu Daud*)

Ang web address ng artikulong ito:

<https://www.newmuslims.com/tl/articles/141/ang-panalangin-bahagi-2-ng-2>

Copyright © 2011 - 2023 NewMuslims.com. Lahat ng karapatan ay nakalaan.